



PAHAYAG SA MEDIA

PARA SA AGARANG PAGPAPAHAYAG: Ika-11 ng Hulyo, 2019
MAKIPAG-UGNAYAN KAY: Ralph Borrmann, 415.749.4900

Nag-oorganisa ang Air District ng pampublikong workshop tungkol sa mga pagbabago ng tuntunin ukol sa wildfire

Hinihiling ang komento ng publiko para sa mga pagbabago sa tuntunin upang dagdagan ang mga pagsisikap sa pag-iwas at pagtugon sa wildfire

SAN FRANCISCO – Ang Bay Area Air Quality Management District (Distrito ng Pamamahala sa Kalidad ng Hangin ng Bay Area) ay nag-oorganisa ng pampublikong workshop sa San Francisco na nakatuon sa dalawang pagbabago ng tuntunin na bahagi ng Programa sa Pagtugon sa Kalidad ng Hangin sa Panahon ng Wildfire (Wildfire Air Quality Response Program) ng Air District.

Sa mga workshop, ang publiko, lokal na gobyerno at mga industriya ay magkakaroon ng pagkakataong malaman ang tungkol sa draft na mga tuntunin, magtanong sa kawani ng Air District, at magbahagi ng feedback at mga ideya para magbigay-alam sa panghuling proseso ng paggawa ng tuntunin.

“Tumataas ang epekto ng usok mula sa wildfire sa mga residente ng Bay Area at binabawasan nito ang mga nakamit nating tagumpay sa ilang dekada para basawan ang mapanganib na pagpaparumi sa hangin,” sabi ni Jack Broadbent, tagapagpaganap na opisyal ng Air District. “Makakatulong ang mga iminumungkahing pagbabago ng tuntunin na ito na bawasan ang mga panganib ng wildfire at magbibigay ng higit pang mga kagamitan para bawasan ang mapanganib na mga epekto ng polusyon, na makakatulong protektahan ang pampublikong kalusugan kapag mayroong wildfire. Hinihikayat namin ang publiko na dumalo sa workshop na ito, matuto nang higit pa tungkol sa kung ano ang iminumungkahi ng Air District, at magbigay ng opinyon sa kritikal na isyu na ito.”

Iskedyul ng Workshop

Miyerkules, Ika-24 ng Hulyo, 2019
4 - 6 p.m.
Bay Area Metro Center
Yerba Buena Conference Room, Unang Palapag
375 Beale Street San Francisco, CA 94105

Kabilang sa mga iminumungkahing pagbabago sa mga tuntunin ang mga sumusunod:

Ang mga draft na pagbabago sa Regulasyon 5 ay sumasang-ayon sa mga pagsisikap sa buong estado upang iwasan ang mga lubos na mapaminsalang wildfire sa pamamagitan ng planadong pagsunog. Hindi isasama ng mga draft na pagbabago ang mga pampublikong ahensiya mula sa

mga fee sa bukas na pagsunog kapag nagsasagawa ng planadong pagsunog para sa pag-iwas sa wildfire.

Ang mga draft na pagbabago sa Tuntunin 6-3 ay naglalayong higit pang protektahan ang pampublikong kalusugan kapag nakakaapekto ang usok na dulot ng wildfire sa kalidad ng hangin sa Bay Area. Pahihintulutan ng mga draft na pagbabago ang Air District na magpatawag ng Spare the Air Alert (Alerto na Iligtas ang Hangin) sa buong taon upang abisuhan ang publiko kapag ang particulate matter (kabuuan ng mga partikulong nasa hangin) ay inaasahang lumampas sa hindi malusog na mga antas. Inaanunsiyo ang isang Mandatory Burn Ban (Ipinag-uutos na Pagbabawal sa Pagsunog), na nagbabawal sa paggamit ng mga kagamitan sa pagsunog ng kahoy, sa pamamagitan ng Spare the Air Alert.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa iminumungkahing mga pagbabago ng tuntunin, bumisita sa: <http://www.baaqmd.gov/rules-and-compliance/rule-development/rules-under-development>.

Para sa mga taong hindi makadadalo, magkakaroon ng live na webcast sa Ika-24 ng Hulyo nang 4 p.m., o kaya ay magkakaroon ng naka-archive na video sa: <http://www.baaqmd.gov/rules-and-compliance/rule-development/rules-under-development>.

Upang magsumite ng mga komento o katanungan tungkol sa mga pagbabago o ulat sa workshop, makipag-ugnayan kay Patrick Wenzinger sa 415-749-4934 o sa wildfireprogram@baaqmd.gov. Ang huling araw ng pagkomento ay sa Lunes, ika-12 ng Agosto, 2019.

Para sa pagsasalin sa ibang wika, makipag-ugnayan kay Aneesh Rana, arana@baaqmd.gov, 415-749-4914 nang hindi bababa sa 72 oras bago ang workshop.

Para información en español, llame al 415-749-4609

中文聯絡電話 415-749-4609

Nói Tiếng Việt xin gọi 415-749-4609

Ang [Bay Area Air Quality Management District](#) ay ang panrehiyong ahensiya na responsable para sa pangangalaga ng kalidad ng hangin sa Bay Area na may siyam na county. Makipag-ugnayan sa Air District sa pamamagitan ng [Twitter](#), [Facebook](#), at [YouTube](#).

#

*Air District Communications Office
375 Beale Street, Suite 600, San Francisco, CA 94105
[Homepage ng Air District](#) | [Mga Pahayag sa Media](#)*